4

# Modelong Banghay-Aralin sa Filipino 4

Kuwarter 4

Aralin 3

IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Banghay Aralin sa Filipino Baitang 4**
**Kuwarter 4: Aralin 3 Linggo 3)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Bumuo sa Pagsusulat**

**Manunulat:**

- Deseree B. Geronimo, Ed.D (PALTOK ELEMENTARY SCHOOL-VALENZUELA)

**Tagasuri**

- Jasper P. Lomtong (Philippine Normal University – Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute of Teacher Quality
SiMMER National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabolaryo, kamalayan sa gramatika (denotasyon, konotasyon), pag-unawa sa tekstong naratibo (mito, epiko, tulang pambata, at kuwentong kababalaghan) at tekstong impormatibo (pagsusunod-sunod sa panuto, hakbang, at proseso), paglinang ng mga kasanayang produktibo gamit ang wika upang makalikha ng tekstong tumatalakay sa mga paksaing lokal o rehiyonal na naaangkop sa edad at nagsasaalang-alang sa kasarian batay sa layunin, konteksto, at target na madla. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa paggawa ng tulang pambata na nagsasaad ng proseso ng isang gawain sa lokal o rehiyonal na lipunan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Mga Kasanayan**<br><br>Nauunawaan ang tekstong naratibo (kuwentong kababalaghan).<br><br>a. Nahuhulaan ang posibleng kalalabasan ng pangyayari<br>b. Nakapagbibigay ng sariling pagwawakas<br><br>Nagagamit ang mga salitang may denotasyon at konotasyong kahulugan sa pagbuo ng pangungusap.<br><br>a. panandang konteksto –pagbibigay ng halimbawa<br><br>Nagagamit ang angkop na diksiyon (kaangkupan ng salita/retorika at estilo) sa pagpapahayag ayon sa tagapakinig/tagapanood/mambabasa.<br><br>Nagagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag<br><br>a. Pang-abay –pang-agam<br><br>Nagagamit ang mga angkop na elemento at simbolong kultural sa pagbuo ng tekstong biswal. |
| **C. Nilalaman** | Ikatlong Linggo<br>AKDANG NARATIBO: |

| | |
|---|---|
| | Kwentong Kababalaghan<br>KAUGNAY NA PAKSA:<br>WIKA: Panandang Konteksto-Pagbibigay ng Halimbawa<br>Pang-abay: pang-agam<br>TEKSTONG BISWAL:<br>Anunsiyo |
| **D. Integrasyon** | Pagpapa-halagang Kultural (Mga Paniniwala) |

**II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO**


*6,900+ White Lady Ghost Stock Photos, Pictures & Royalty-Free Images - iStock*. (n.d.). Www.istockphoto.com. https://www.istockphoto.com/photos/white-lady-ghost

*anunsiyo - Google Search*. (n.d.). Www.google.com. http://tinyurl.com/2hpt89an

Enhanced Basic Education Act. (2013). Nakuha mula sa https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/republic-act-no-10533/

Gabay Pangkurikulum sa Filipino. (2016). Department of Education DepEd Complex, Meralco Avenue Pasig City.

Games4Wheel. (2024). Nakuha mula sa https://games4esl.com/POWERPOINTGAMES/matching-game/ https://exemplore.com/legends/The-Racism-in-the-Philippine-Kapre-Myth

**Iba pang Sangnguninan:**

*Kapuso Mo, Jessica Soho: KAPRE, NAKI-JAMMING?!* (n.d.). Www.youtube.com. https://www.youtube.com/watch?v=sBG5UvvvmuI

*LR Portal*. (n.d.). Deped LR Portal. https://lrmds.deped.gov.ph/list/kto12/subject/1708

Mga kwento kababalaghan. (2014). Naked Ideation Dive the Mind. Nakuha mula sa https://brainrays.wordpress.com/2014/10/29/mga-kwentong-kababalaghan/

**Mga larawang ginamit mula sa mga sumusunod na link:**

*Myth- Tiyanak by dherss on DeviantArt*. (2020, December 20). Www.deviantart.com. https://shorturl.at/ltvP0

Noypi.com.ph. (2022, November 19). *Pang-abay na Pang-agam: Ano ang Pang-abay na Pang-agam at mga Halimbawa nito • Noypi.com.ph*. Noypi.com.ph. https://noypi.com.ph/pang-abay-na-pang-agam/

*Nuno sa Punso (2021) by ultorgabrihel on DeviantArt*. (2022, January 9). Www.deviantart.com. https://shorturl.at/dyKLP

Team, S. E. (2023, July 6). *Denotasyon at Konotasyon: Pagkakaiba at Halimbawa | SANAYSAY*. Sanaysay Philippines. http://tinyurl.com/35j9m48p

*Tikbalang | Wiki | Mythical Creatures and Beasts Amino*. (n.d.). Mythical Creatures and Beasts | Aminoapps.com. https://shorturl.at/giENS

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1.Maikling Balik-aral**<br>**SULATANAW**: Balik tanaw sa natapos na aralin sa pamamagitan ng pagsulat.<br>Mga Hakbang sa Gawain:<br>1. Ang guro ay magbibigay ng kapirasong papel sa mga mag-aaral.<br>2. Ang mag-aaral ay kinakailangang magsulat ng pangungusap na may Panghalip Pamanggit. Ipaalala sa mag-aaral na huwag kalimutan isulat ang kanilang pangalan.<br>3. Kung matapos na sa pagsusulat, ihuhulog ito sa isang kahon.<br>4. Bubunot ng ilan ang guro at babasahin ang nakasulat na pangungusap.<br>5. Ipatukoy sa klase ang panghalip pamanggit na ginamit.<br>Halimbawa ng papel:<br>Ang bahay raw ni Aling Sita ay nakakatakot.<br>**BIDA KA:**<br>**Pamantayan bago ang Gawain:**<br>1. Manatili lamang sa upuan.<br>2. Magsalita lamang nang mahina<br>3. Iwasan ang pagsigaw<br>Pagpatay ng ilaw upang magkaroon ng madilim na silid-aralan.<br>Itanong sa mga mag-aaral kung sila ay nakaranas nang makapunta sa isang madilim na lugar. Ano ang kanilang naramdaman? | Maari din magbigay ng pangungusap ang guro at ipatukoy na lamang ang panghalip pamanggit na ginamit.<br>Kung mahaba pa ang oras, maaring bumunot ng mas maraming pangungusap.<br>Maaaring gawin ito ng guro sa ibang lugar kung saan mas magiging madilim ang paligid.<br>Tukuyin ang pakiramdam ng mga mag-aaral sa isang madilim na lugar. Hayaan ang mga bata na magkuwento ng kanilang mga karanasan. |

**PICKABA!**

Ipahanap sa mga mag-aaral ang magkatulad na larawan. Bawat larawan na magkapareho ay kinakailangang tukuyin.




Kinuha mula sa: https://games4esl.com/POWERPOINTGAMES/matching-game/

**Pagtukoy sa mga larawan:**



1. Kapre - Higanteng nilalang na may taas na 7 hanggang 9 na talampakan na matatagpuan sa puno, maitim, mabalahibo at laging may hawak na tabako.

Kinuha mula sa: https://exemplore.com/legends/The-Racism-in-the-Philippine-Kapre-Myth



2. Tiyanak - Isang nilalang na gumagaya sa anyo ng isang bata.

Kuhang larawan mula sa: https://shorturl.at/ltvP0



3. Tikbalang - Nilalang na kalahating kabayo at kalahating tao.

Kuhang larawan mula sa: https://shorturl.at/giENS



4. Manananggal - Nilalang na may kakayahang hatiin ang katawan at nagpapalit ng anyo.

Kinuha mula sa: https://shorturl.at/lmxLM

Gamit ang *Memory Game,* ipahanap sa mag-aaral ang mga larawang magkaparehas at ipatukoy ito.

Kung walang *power point* ang guro, maaring mag-*print* at gumawa ng flashcard na naglalaman ng mga larawan. Siguraduhing may dalawang kopya ang bawat larawan.

Ang nakikitang larawan sa kaliwa ay ang mga laman ng *power point* o ng *flashcard* na gagawin.

**Mga Tamang Sagot:**

1. kapre
2. tiyanak
3. tikbalang
4. mananaggal
5. nuno sa punso
6. *white lady*

| | | |
|---|---|---|
| | <br>5. Nuno sa punso - Nilalang na mukhang duwende at pinaniniwalaang naninirahan sa isang punso.<br>Kinuha mula sa: https://shorturl.at/dyKLP<br><br><br>6. *White lady* - Isang multong babae na nakadamit ng puti na sinasabing nakikita sa mga rural na lugar.<br>Kinuha mula sa: https://www.istockphoto.com/photos/white-lady-ghost<br><br>**Gabay na tanong:**<br>1. Ano - ano ang inyong naramdaman tuwing nakakikita ng ganitong mga larawan?<br>2. Kung tayo ay makakikita ng ganitong nilalang ano ang inyong gagawin?<br><br>**2. Pidbak (Opsiyonal)**<br>Pahapyaw na talakayin ng guro. Pagbibigay ng kahulugan ng Kababalaghan.<br><br>Ang **Kababalaghan** ay mga pangyayaring misteryoso, di-mapaliwanag, o di-karaniwang mga kaganapan na maaaring ituring na *supernatural* o hindi pa napapatunayan na dahilan o paliwanag. | Pagkatapos ng gawain ng PICKABA, maaaring tanungin ang mga mag-aaral kung ano sa tingin nila ang kinalaman nito sa panibagong paksang tatalakayin.<br><br>Kung may *internet*, maaring mag*download* ang guro ng *video* na nagpapakita ng mga nilalang na ito.<br><br>Sa pagkakataon na ito, maaring manghingi ang guro ng iba pang halimbawa ng mga kakaiba, misteryoso, o *supernatural* na nilalang. |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **I-KMJS MO: Pagpapakilala ng kwentong kababalaghan**<br><br>**1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**Panonood.** Ipapanood sa mga mag-aaral ang isang bahagi ng pang-impormasyon na programang pantelebisyon na Kapuso Mo Jessica Soho (KMJS)<br><br><br><br>Kinuha mula sa : https://www.youtube.com/watch?v=sBG5Uvvvmul | Nangnagailanagn ng *android/smart* na telebisyon upang maipanuod ang bahaging ito ng KMJS.<br><br>Kung wala ay i-*download* ng guro bago ipapanuod. Gawing gabay ang mga tanong.<br><br>Kung walang *internet* na magagamit, maaring magkuwento ang guro ng isang kababalaghan pangyayari, at gumawa ng tanong batay dito. |

| | | |
|---|---|---|
| | 1. Tungkol saan ang napanood na bahagi ng palabas ni Ms. Jessica Soho?<br>2. Anong kakaibang nilalang ang nabanggit sa palabas? Paano ito inilarawan?<br>3. Ano ang ginagawa ng kapre batay sa ulat ng KMJS?<br>4. Saan naganap ang nakkikilabot na pangyayari?<br>5. Kung ikaw ang makakakita ng ganitong nilalang, ano ang iyong gagawin?<br><br>**2. Paghahawan ng balakid:**<br><br>**WIKAbabalaghan:**<br>Ang **denotasyon** ay pagbibigay kahulugan mula sa diksyunaryo. Ito ay pormal at literal na pagbibigay kahulugan sa salita. Ito ay masistemang pagtukoy ng salita mula sa orihinal na kahulugan.<br><br>Ang **konotasyon** ay dagdag na kahulugan o implikasyon ng isang salita. Ito ay nagbibigay ng iba't ibang salita. Ito ay nagbibigay ng iba't ibang pag-unawa at interpretasyon batay sa konteksto ng paggamit nito. Ito ay maaaring mag iba-iba ayon sa saloobin, karanasan, at sitwasyon ng isang tao. Isa sa paraan upang malaman ang kahulugan ng isang malalim na salita ay sa pamamagitan ng mga halimbawang ibinigay sa pangungusap.<br><br>Ang **Panandang Konteksto** ay mga salitang makatutulong upang mas maunawaan ang mga salitang mahirap intindihin. Isa sa paraan upang malaman ang kahulugan ng isang malalim na salitang ay ang pagbibigay ng halimbawa, sa paraang ito mas lubos na mauunawan ng mambabasa ang teksto.<br><br>**SUPERNATURALITAAN: Pagpapalawig ng kabihasaan sa mga salita**<br>Bago basahin ang kuwentong kababalaghan, basahin ang bawat pangungusap. Tukuyin kung paano ginamit ang mga salitang may guhit sa paraang denotasyon at konotasyon sa tulong ng pagbibigay ng halimbawa. Isulat ang sagot sa patlang. Pag-aralan ang halimbawa.<br><br>**Halimbawa:** Ang huni ng ibon ay twit twit, ang kambing ay mee-mee, sa pusa ay meow meow.<br>**Kahulugan:** tunog na nalilikha ng hayop<br>**Pangungusap:** Ang huni ng iba't ibang hayop ay naririnig sa kagubatan. | Upang ihanda ang mag-aaral sa susunod na talakayan.<br><br>Maaring itanong sa mag-aaral kung ano ang kauganayan nito sa aralin ngayong araw.<br><br>Hayaang maghinuha ang mga mag-aaral.<br><br>Paalalahan din ang mga mag-aaral na huwag matakot sa mapapanuod dahil ito ay parte lamang ng kanilang pagkatuto.<br><br>Bago ipasagot sa mga mag-aaral ang bahaging ito ay talakayin muli at ipaalala ang kahulugan ng Denotasyon at Konotasyon at panandang konteksto.<br><br>Ipabasa ang halimbawa at ipaunawa sa mga mag-aaral<br><br>Upang maging lalong aktibo ang talakayan, maaring gumamit ng palabunutan / roleta ang guro para sa mga pangungusap na tutukuyin at |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
1. Ang asong nakita niya ay <u>nakakikilabot</u> tulad ng isang lobo, mababangis na hayop sa kagubatan na may matatalim na pangil at matulis na kuko.<br>
a. Kahulugan: ___________________________________________<br>
b. Pangungusap: _________________________________________<br>
2. <u>Pumapagaspas</u> nang mabilis, tulad ng isang agila sa himpapawid, lipad ng maya na tumatakas sa pugad ng mandaragit.<br>
a. Kahulugan: ___________________________________________<br>
b. Pangungusap: _________________________________________<br>
3. Ang daanan na aming <u>ginaygay</u> ay malubak, malayo at pasikot-sikot.<br>
a. Kahulugan: ___________________________________________<br>
b. Pangungusap: _________________________________________<br>
4. Si Jen ay <u>walang imik</u> sa klase, tulad ng isang batang nahihiya at mahinhin.<br>
a. Kahulugan: ___________________________________________<br>
b. Pangungusap: ________________________________________________<br>
5. Si Mari ay nakatira sa <u>lungsod</u> gaya ng Valenzuela, Malabon, Caloocan, at Maynila.<br>
Kahulugan: ___________________________________________<br>
Pangungusap: ____________________________________________________________
</td>
<td>gagawan ng sariling pangungusap ng mga mag-aaral. Maari itong gawin nang pasalita o pasulat</td>
</tr>
<tr>
<td>3. Paglinang at Pagpapalalim</td>
<td>
IKALAWA AT IKATLONG ARAW<br>
OKATOKAT: Kahindikhindik na Kaalaman<br>
Kaugnay na Paksa 1: Barrio ng Lagim<br>
1. Pagproseso ng Pag-unawa<br>
Gawing patnubay ang mga gabay na tanong upang matukoy ng mga mag-aaral ang posibleng kalabasan ng pangyayari bago basahin ang aralin.<br>
1. Nakaranas ka na ba ng hindi maipaliwanag na pangyayari?<br>
2. Ano ang ginawa mo sa pagkakataon na iyon?<br>
3. Ano ang hatid ng kwentong kababalaghan sa mga tao?<br>
4. Bakit maraming tao ang mahilig magkuwentuhan tungkol sa kababalaghan?<br>
<br>
Pagbasa ng isang Kwento ng kababalaghan<br>


Barrio ng Lagim<br>
Ni: Deseree B. Geronimo
</td>
<td>
Ipabasa muna ang mga gabay na tanong bago basahin ang kuwentong kababalaghan<br>
<br>
Bago magsimula, maaring magbigay ng pamantayan sa pagbabasa o pakikinig ang guro.<br>
<br>
Makabubuting tumawag ng mga mag-aaral na magbabasa ng linya ng mga tauhan sa kuwento. Maaaring magbago ng boses upang umakma sa karakter na gagampanan. Tumawag ng limang mag-aaral
</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | Habang madilim ang paligid, malakas ang hangin at may mga huni ng iba't ibang hayop na naririnig napagpasyahan ng matalik na magkakaibigang Mari, Bella, Wendel, Anna at Jigs na magkuwentuhan ng kanilang karanasang kababalaghan na hindi malilimutan.<br><br>Nagpatugtog ng radyo si Wendel bago siya mag-umpisang magkuwento.<br><br>Wendel: Alam niyo ba na sa bagong bahay namin ay may isang malaking puno, ang sabi ng mga tao doon baka pinamamahayan ng isang kapre. Isang gabi habang pauwi kami ni nanay, may usok na nanggagaling sa puno na iyon tila naninigarilyo ang kapre.<br><br>Bella: Nakakatakot naman iyan! siguro hindi ka nakakalabas mag isa ng bahay niyo? Dito naman sa barrio namin may usap-usapan na parang may pagala-galang manananggal, si Aling Bing kasi ay nakakita sa kanilang bubong na tila pumapagaspas na anino ng isang malaking pakpak, natakot siya dahil siya ay buntis, baka masaktan siya ng manananggal at ang kaniyang anak na nasa sinapupunan kaya simula noon lagi na siyang naglalagay ng bawang sa pintuan.<br><br>Mari: Buti nalang at walang ganyang nakakikilabot na pangyayari sa aming lungsod. Marahil sa dami ng tao sa amin at sa ingay doon. Ganoon ka din ba Anna?<br><br>Anna: Hindi Mari, may naranasan din akong nakakakilabot noong mag punta kami sa probinsiya ng aking nanay. Habang ginagaygay namin ang bukid, nakarinig ako ng huni ng kabayo at hakbang nito, sa takot ko napasigaw ako ng tikbalang! at tumakbo ng matulin na matulin.<br><br>Habang nagkukuwentuhan ang mag kakaibigan, tahimik lamang na nakikinig si Jigs.<br><br>Bella: Sa kabilang barrio naman ay napagkamalang tiyanak iyong madalas na umiiyak na sanggol na anak ni Aling Marta. Talagang nakakatakot ang mga kuwento sa barrio, iba't ibang nilalang na hindi naman kapanipaniwala ang nababalitaan natin.<br><br>Biglang sumigaw si Mari at nagulat ang magkakaibigan.<br><br>Mari: Jigs! bakit parang wala kang imik ngayon? wala ka bang maikukuwento sa amin?<br><br>Hindi sumagot si Jigs waring natatakot sa mga naririnig. Biglang tumayo si Mari at nag-aya nang umuwi. | na kakatawan kay Mari, Bella, Wendel, Anna, at tagapagsalaysay.<br><br>Ipaalala sa mga mag-aaral na gumamit ng wastong diin, emosyon, at pagbigkas sa mga usapan/iskrip.<br><br>Maaring ipabasa ng dalawa o higit pang beses upang lalong mas maintindihan ng mag-aaral. |

Mari: halika na at umuwi gumagabi na baka hinahanap na tayo ng ating mga magulang at baka maabutan tayo ng *curfew hour* sa kalsada bawal na ang mga kabataan edad 18 pababa sa labas pagsapit ng 10:00 ng gabi.

Bella: Isarado mo na din iyang radyo mo Wendel, baka mapagalitan tayo ni Kapitan dahil masiyado ng gabi at nag-iingay pa tayo.


Ang lahat ay mabilis na tumayo maliban kay Jigs. Siya ay naiwang nakaupo sa isang kahoy na upuan katabi ng isang punso.

**Mga tanong:**

1. Tungkol saan ang binasang kuwento?
2. Sino sino ang magkakaibigan?
3. Ano ang kababalagahang naranasan nina Wendel, Bella, at Anna?
4. Ano anong kakaibang nilalang ang nabanggit sa kuwento?
5. Sa iyong palagay, bakit naiwang nakaupo si Jigs sa isang kahoy na upuan?

Pag-aralan ang katangian ng isang kuwentong kababalaghan gamit ang *Semantic Web*




Sa pagsagot ng tanong, hikayatin ang mag-aaral na sumagot sa isang buong pangungusap at naaayon sa kanilang pagkakaintindi maaaring ito ay sa paraang pasulat o pasalita.

Hayaang maghinuha/hulaan kung ano ang magiging wakas ng kuwento batay sa huling bahagi na nabanggit sa kuwento.

Maaring magkakaiba ang kasagutan ng mga mag-aaral, ito ay nakabatay sa kanilang paghihinuha sa maaaring kalabasan ng pangyayari.

| | | |
|---|---|---|
| | **MANANANGGALING: Kagalingan ay lalo pang hasain**<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>Tukuyin ang posibleng kalabasan ng mga pangyayari batay sa kuwentong kababalaghang nabasa.<br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br><br>**A. Multo*THINK*: *PAK GANERN* o LIGWAK**<br>Isulat ang *PAK GANERN* kung ang pahayag ay wasto at LIGWAK naman kung hindi.<br>1. Bahagi nang pamumuhay ng mga Pilipino ang magkuwentuhan ng kababalaghan.<br>2. Ang kuwentong kababalaghan ay isang libangan ng mga Pilipino.<br>3. Ang pag-iimbento ng kuwento tungkol sa mga nilalang na hindi nakikita ay nakatutulong sa paglaganap ng kababalaghan.<br>4. Ang kuwentong kababalaghan ay tumutulong maging buhay ang kulturang Pilipino.<br>5. Kadalasang mainam ang pagkukuwento ng kababalaghan sa madilim at tahimk na lugar.<br>**B. Masining na pagkukwento ng kababalaghan**<br><br>Mga Panuto sa Paggawa:<br>1. Kumalap ng impormasyon tungkol sa kuwentong kababalaghan, maaaring ito ay sariling karanasan, napakinggan, napanuod, o nabasa sa teksto.<br>2. Sa harap ng klase ang mga mag-aaral ay isa-isang magsasagawa ng masining na pagkukuwento.<br>3. Kinakailangan na may tamang diksiyon, pananalita, angkop na emosyon ang pagbabahagi ng kuwento.<br>4. Ang gawain ay mamarkahan gamit ang isang rubrik. | Sa pagkakataon na ito, maaaring palawigin pa ng guro ang pagpapaliwanag tungkol sa kuwentong kababalaghan<br><br>Batay sa kuwentong narinig/nabasa. Hayaang ang mag-aaral ang magbigay ng katangian ng isang kuwentong kababalaghan.<br><br>Maari ding gumamit ng *flashcard* ang guro na may PAK at LIGWAK na nakasulat. Ipataas ito ayon sa sagot ng mag-aaral<br><br>Maaring magbigay ang guro ng pangungusap na ginamitan ng Pang-abay na Pang-agam. |

### Rubrik sa Masining na Pagkukwento

| Krayterya | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|
| Kaalaman sa Kuwento | Alam ang kuwento, kapansin-pansin na nagsanay nagpakita ng kahusayan at tiwala sa sarili | Alam ang kuwento; nagkaroon ng konting napagsasanay; may tiwala sa saril | Alam ang ilang bahagi ng kuwento, kawalan ng tiwala sa sarili | Hindi alam ang kuwento, binabasa lamang sa kuwaderno. |
| Tinig | Malakas ang boses, nakagagamit ng wastong tono, malinaw at naiintindihan | Malakas ang boses, may mga pagkakataong hindi naibibigay ang wastong tono, malinaw at naiintindihan | Humihina ang boses, hindi naibibigay ang wastong tono ngunit malinaw ang pagkakabigkas at naiintindihan | Hindi naririnig nang maayos, mahina ang boses, nahihiyang mag salita |
| Pag-arte | Naayon ang ekspresyon, galaw ng katawan sa ikinukuwento | May mga pagkakataon na hindi nagpapakita ng tamang ekspresyon ngunit wasto ang galaw ng katawan sa pagkukuwento | Hindi nag papakita ng ekspresyon, may kalimitan ang galaw ng katawan sa pagkukuwento | Hindi naipakita ang pag-arte sa pagsasagawa. |

**B. DAPAT ALAM MO: Kompletuhin ang kolumn na nasa ibaba.**

| ANUNSIYO | KAALAMAN |
|---|---|
|   Kinuha mula sa: http://tinyurl.com/326zwzfx | Bawat barangay ay may nakapaskil na ganitong anunsiyo, ano ang ibig sabihin nito? ______________________________________________ |
|   Kinuha mula sa: http://tinyurl.com/4vkactdk | Nakita mong nakapaskil ito sa barangay. May nagaganap na kasiyahan iyong bahay at gumagamit ng *videoke*. Anong gagawin mo? ______________________________________________ |

Ang rubriks ay maaring palitan, nakasalalay ito sa guro kung ano ang nais makita sa gawain ng mag-aaral.

Ang gawain na ito ay maaaring indibidwal o grupo, nakadepende sa dami ng mag-aaral at sa araw ng pagsasagawa.

| Paano sinunod ng mga tauhan sa kuwento ang anunsiyo na ito?<br>__________________________________________________________________________<br>__________________________________________________________________________<br>__________________________________________________________________________ |
|---|
| Ano ang posibleng mangyari kung ang anunsiyo na ito ay hindi nasunod nang ayos?<br>__________________________________________________________________________<br>__________________________________________________________________________<br>__________________________________________________________________________ |

| **Kategorya** | **Higit na nailahad ang kahusayan sa pagsagot (5)** | **Nakamit ang Inaasahang kahusayan sa pagsagot (4)** | **Bahagyang Nakamit ang Inaasahang kahusayan sa pagsagot (3)** | **Hindi nakamit ang Inaasahang kahusayan sa pagsagot (2)** | **Hindi nag pakita ng kahusayan sa pagsagot (1)** |
|---|---|---|---|---|---|
| Pagpapaliwanag / Pagbibigay ng Detalye sa Paksa | Makabuluhan ang bawat talata dahil sa husay na pagpapaliwanag at pagtalakay tungkol sa paksa. | Bawat talata ay may sapat na detalye | May kakulangan sa detalye | Hindi naipakita ang mga pangunahing ideya | Hindi Nakita sa ginawang sanaysay |
| Paghahalayhay ng Ideya | Lohikal, mahusay, at may pagkakasunod-sunod ang mga ideya; gumamit din ng nababatay na mga transisyunal na pantulong tungo sa kalinawan ng mga ideya | Naipakita ang paghahalay-hay ng mga ideya sa talata subalit hindi makinis ang pagkakalahad | Lohikal ang pagkakaayos ng mga talata subalitang mga ideya ay hindi ganap na tumutukoy sa ideya | Walang patunay na maayos ang pagkakahalay-hay ng mga ideya na ginamit sa sanaysay. | Walang ideyang ginamit sa sanaysay |
| Mekaniks | Walang (0) pagkakamali sa mga ginamit na bantas, kapitalisasyon at pagbabaybay. | Halos walang pagkakamali (1-2) sa mga bantas,kapitalisasyon at pagbabaybay | Maraming pagkakamali (3-5) sa mga bantas, kapitalisasyon at pagbabaybay. | Napakarami pagkakamali (6 pataas) sa paggamit ng mga bantas, kapitalisasyon at pagbabaybay | Puro pagkakamali sa paggamit ng mga bantas, kapitalisasyon at pagbabaybay |

**Kaugnay na Paksa 2:** ***Pang-abay na pang-agam***

**Ipaunawa sa mga Mag-aaral:**

Ang pang-abay ay mga salitang naglalarawan sa pandiwa, pang-uri at kapwa pang-abay. May iba't ibang uri ng pang-abay isa na rito ay ang Pang-abay na **Pang-agam.**

Sa bawat sulok ng silid-aralan may hugis bahay na nakadikit at may nakasulat na pang-abay

Ito ay isang uri ng pang-abay na nagbabadya ng di-katiyakan o pag-aalinlangan sa tinutukoy nitong pandiwa, pang-uri, o kapwa pang-abay. Maaring gumamit ng mga pariralang *baka, siguro, marahil, tila, parang at wari.*

**Pagproseso ng Pag-unawa.**

Bilugan ang pang-abay na pang-agam na ginamit sa pangungusap. Gumawa ng sariling pangungusap gamit ang nabilugan na pang-abay na pang-agam.

1. May usok na nanggagaling sa puno na iyon tila naninigarilyo ang kapre.
   Pangungusap: ______________________________.
2. Hindi sumagot si Jigs waring natatakot sa mga naririnig.
   Pangungusap: ______________________________.
3. Halika na at umuwi gumagabi na baka hinahanap na tayo ng ating mga magulang
   Pangungusap: ______________________________.
4. Si Aling Bing kasi ay nakakita sa kanilang bubong na tila pumapagaspas na anino ng isang malaking pakpak.
   Pangungusap: ______________________________.
5. Ang sabi ng mga tao doon baka pinamamahayan ng isang kapre.
   Pangungusap: ______________________________.

**Pinatnubayang Pagsasanay.**

***HUNTed House*:**

1. Hatiin sa pangkat ang mag-aaral
2. Bawat sulok ng silid-aralan ay may nakadikit na korteng *haunted house* na may nakasulat na pang-abay na pang-agam
3. Iikot ang bawat grupo sa mga *haunted house* na ito.
4. Sa loob ng 20 segundo kinakailangang makasulat ng pangungusap ang mag-aaral gamit ang pang-abay na pang-agam.
5. Matapos ang 20 segundo kinakailangan nilang lumipat sa susunod na *haunted house*.




Kinuha mula sa :
http://tinyurl.com/4ejsje7b

na pang-agam, iikot/magpapalitan ang bawat grupo siguraduhin na ang mga mag-aaral ay nakasulat ng pangungusap.

| | | |
|---|---|---|
| | **IKAAPAT NA ARAW**<br>**1. Paglalapat at Pag-uugnay.**<br>Gamit ang iba't ibang uri ng pang-abay na pang-agam, bigyan nang posibleng wakas ang kuwentog Bario ng Lagim.<br><br>Barrio ng Lagim<br>Ang lahat ay mabilis na tumayo maliban kay Jigs. Siya ay naiwang naka-upo sa isang kahoy na upuan.<br><br>baka________________________<br>siguro________________________<br>marahil________________________ | Ang sagot ay maaring magkakaiba, ito ay nakabatay sa pagkakaunawa ng mag-aaral. |
| **4. Paglalahat** | ***HORRORIFICO*: Paglawak ng Aksyon**<br>• **Pabaong Pagkatuto**<br>**A.** Basahing muli ang tampok na kuwentong kababalaghan: "Barrio ng Lagim." Sa kuwaderno, itala ang mga pangungusap na ginamitan ng pang-abay na pang-agam. Guhitan ang pang-abay na pang-agam na ginamit.<br><br>**B.** Batay pa rin sa tekstong binasa, ano ang posibleng wakas/dahilan ng tauhan sa kuwento kung bakit naiwan siyang mag-isang nakaupo.<br><br>• **Pagninilay sa Pagkatuto**<br>**Ramdam Kilabot:** Basahing Mabuti ang sitwasyon at pagnilayan ang sagot hinggil dito.<br><br>1. Kung ikaw si Jigs sa kuwento, ano ang iyong dahilan bakit hindi ka tumayo at umalis kasama ng iyong mga kaibigan?<br>2. Sa inyong palagay, tama ba na magkuwentuhan tungkol sa kababalaghan ang isang mag-aaral kagaya ng ginawa ng mga tauhan sa kuwento? Ipaliwanag.<br>3. Paano mapapanatili ang kultura ng Pilipino tungkol sa mga paniniwala? | Huwag kalimutan na gumamit ng mga pang-abay na pang-agam.<br><br>Maaring ang guro ay magkaroon ng dula-dulaan upang ipakita ang isang masining at kagalingan ng mag-aaral sa paggawa ng wakas ng kuwento. Bigyang pokus ang emosyon nang pagsasalita at tamang bigkas ng mga linya.<br><br>Maaring sagutin ito ng mga mag-aaral nang pasulat o pasalita |

| | | |
|---|---|---|
| | 4. Nakatutulong ba na kasama sa pamumuhay ng mga Pilipino ang kuwentong kababalaghan? Bakit?<br>5. Sa anunsiyo ng Kapitan sa lugar ng mga mga tauhan, tama ba ang ginawa nilang pag sunod? Ipaliwanag. | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **Pagsusulit.**<br><br>**A. Ibigay ang posibleng kalabasan ng sumusunod na pangyayari, huwag kalimutan gumamit ng Pang-abay na Pang-agam.**<br><br>1. Madilim ang paligid tumakbo nang matulin si Anna sa bukid. Ano ang maaaring mangyari kay Anna?<br>2. May anunsiyo si Kapitan sa Barangay tungkol sa *curfew hour* mula 10:00 ng gabi hanggang 5:00 ng umaga hindi agad umuwi sina Bela at Mari. Ano ang maaaring mangyari?<br>3. Naiwan si Jigs mag-isa sa upuan na katabi ng punso. Ano ang maaaring mangyari sa kaniya?<br>4. Napagkamalang tiyanak ang sanggol na anak ni Aling Marta. Ano ang maaaring mangyari sa kanila?<br>5. Natatakot si Aling Bing sa anyong pakpak na pumapagaspas sa ibabaw ng bubong nila habang siya ay buntis. Ano ang maaaring mangyari sakniya?<br><br>**B. Alamin ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit gamit ang panandang konteksto at gamitin ito sa pangungusap.**<br><br>1. Ang tiyanak, kapre, at manananggal ay ilan lamang sa mga kuwentong **<u>kababalaghan</u>** na aking narinig.<br>Kahulugan: ___________________<br>Pangungusap: ______________________________________________________________<br>2. Sina Bella, Mari, at Anna ay matalik na magkaibigan, sila ay laging magkakasama simula pagkabata nila.<br>Kahulugan: ___________________<br>Pangungusap: ______________________________________________________________<br>3. Ang **<u>yabag</u>** ng kabayo, kalabaw at baka ay maiingay dahil sa kanilang matitigas na paa. | |


Kahulugan: ____________________
Pangungusap: _________________________________________________________________

4. Sabi ng matatanda sa amin, ang lumang bahay sa probinsya ay pinamamahayan na ng kapre, aswang, at espiritu.
   Kahulugan: ____________________
   Pangungusap: _________________________________________________________________
5. Namamasayal kami sa iba't ibang **<u>probinsiya</u>**, nakapunta na kami sa Cebu, Bicol at Palawan.
   Kahulugan: ____________________
   Pangungusap: _________________________________________________________________

**C. Gamitin sa pangungusap ang mga sumusunod na pang-abay na pang-agam.**

1. baka: _______________________________________________________________
2. tila: _______________________________________________________________
3. wari: _______________________________________________________________
4. marahil: ____________________________________________________________
5. siguro: _____________________________________________________________

**D. Ipaliwanag ang ibig sabihin ng bawat anunsiyo.**

| Anunsiyo | PALIWANAG |
|---|---|
|   Kinuha mula sa: http://tinyurl.com/2hpt89an | ______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ |
|   Kinuha mula sa =: http://tinyurl.com/2zmr4v6b | ______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ |

(Tingnan ang sagutang papel para sa rubriks na gagawin para sa aktibidad na ito.)

**Rubrik**

**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**

<table>
<tr><td></td><td colspan="3">Pag-aralan ang tungkol sa Tayutay para sa susunod na paksa.</td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="5">E. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>F. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br><br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br><br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br><br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br><br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br><br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br><br>Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?</td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td></tr>
</table>